

THE UNIVERSAL HOUSE OF JUSTICE

Ridván 2016

To the Bahá'ís of the World

Sa mga Bahá'í ng Daigdig

Dearly loved Friends,

Minamahal na mga Kaibigan,

With the advent of the King of Festivals, the period of preparation for the next global Plan is over: we now summon the friends of God to a new five-year commitment of courage, resolve, and resources.

1 Sa pagsapit ng Hari ng mga Pista, ang panahon ng paghahanda para sa kasunod na pandaigdigang Plano ay nagwakas na: ngayon ay tinatawagan namin ang mga kaibigan ng Diyos tungo sa isang panibagong limang-taong pagtatalaga ng lakas-loob, pagtitika, at mga yaman.

The company of Bahá'u'lláh's faithful stands poised. Institutional gatherings convened across the world in recent months have sent out successive signals of eagerness to begin this mighty enterprise. The imperatives contained in the message addressed to the Counsellors' Conference are already being translated into decisive plans of action. Decades of heroic endeavour have shaped the community and earned it a measure of proven ability in fostering growth, steeling it for this moment. The last two decades, in particular, have markedly accelerated this longed-for rise in proficiency.

2 Ang kalipunan ng mga matatapat kay Bahá'u'lláh ay nakatayong handa. Ang mga pagtitipon ng mga institusyon na idinaos sa buong daigdig nitong naka-raang mga buwan ay nagpadala ng sunod-sunod na hudyat ng kasabikang simulan itong napakalaking pagpupunyagi. Ang mga pangangailangang binaybay sa mensaheng isinulat para sa Kumperensiya ng mga Counsellor ay isinasalin na sa tiyak na mga plano ng pagkilos. Ang mga dekada ng magiting na pagpupunyagi ay humubog sa pamayanan at pinagkalooban ito ng isang sukat ng napatunayang kakayahan sa pagpapayabong ng paglaki, na nakapagpatatag dito para sa sandaling ito. Ang dalawang nakaraang dekada, lalo na, ay pinabilis nang malaki itong inaasam na pagtaas ng kakayahan.

During this period, the adoption of an evolving framework for action has enabled the friends to progressively nurture and refine essential capacities, giving rise to simple acts of service at first, leading to more elaborate patterns of action, which in turn demanded the development of capacities still more complex. In this way, a systematic process of human resource development and community building has been started in thousands of clusters—and, in many of them, become far advanced. The focus has not been solely on the individual believer, or the community, or the institutions of the Faith; all three inseparable participants in the evolution of the new World Order are being stimulated by the

3 Sa loob ng panahong ito, ang paggamit ng isang patuloy na humuhusay na balangkas ng pagkilos ay nagbigay-daan upang magawa ng mga kaibigang higit at higit pang arugain at pinuhin ang pangunahing mga kakayahan, na nagbunga ng pag-usbong sa simula ng payak na mga gawain ng paglilingkod, na humantong sa higit na masusing mga paraan ng pagkilos, na ito naman ay nangailangan ng pag-unlad ng mga kakayahang higit pang hugnay. Sa ganitong paraan, ang masistemang proseso ng paglilingang ng mga yaman-tao at ng pagtatatag ng pamayanan ay nasimulan na sa libo-libong mga cluster—at, sa marami sa mga ito, ay nakasulong na nang malaki. Ang pinagtuunan ng pansin ay hindi lamang ang indibiduwal na mananam-palataya, o ang pamayanan, o ang mga institusyon ng Pananampalataya; lahat ng tatlong di-mapaghihiwalay na mga kalahok sa ebolusyon ng bagong Pandaigdi-

spiritual forces released through the unfoldment of the Divine Plan. The signs of their progress are more and more apparent: in the confidence that countless believers have acquired to share accounts of Bahá'u'lláh's life and discuss the implications of His Revelation and peerless Covenant; in the growing contingents of souls who, as a result, have been attracted to His Cause and are contributing to the achievement of His unifying vision; in the ability of Bahá'is and their friends, at the very grassroots of the community, to describe in eloquent terms their experience of a process capable of transforming character and shaping social existence; in the significantly larger numbers of those indigenous to a country who, as members of Bahá'í institutions and agencies, are now guiding the affairs of their communities; in the reliable, generous, and sacrificial giving to the Fund, so vital for sustaining the advancement of the Faith; in the unprecedented efflorescence of individual initiative and collective action in support of community-building activities; in the enthusiasm of so many selfless souls in the prime of youth who are bringing immense vigour to this work, notably by tending to the spiritual education of younger generations; in the enhancement of the devotional character of the community through regular gatherings for worship; in the rise in capacity at all levels of Bahá'í administration; in the readiness of institutions, agencies, and individuals to think in terms of process, to read their immediate reality and assess their resources in the places where they live, and to make plans on that basis; in the now familiar dynamic of study, consultation, action, and reflection that has cultivated an instinctive posture of learning; in the mounting appreciation for what it means to give effect to the Teachings through social action; in the multiplying opportunities being sought and seized to offer a Bahá'í perspective on discourses prevalent in society; in the awareness of a global community that, in all its endeavours, it is hastening the emergence of divine civilization by manifesting the society-building power inherent in the Cause; indeed, in the friends' growing consciousness that their efforts to foster inner transformation, to widen the circle of

gang Kaayusan ay pinasisigla ng mga espirituwal na puwersang pinukaw sa pamamagitan ng pamumukadkad ng Banal na Plano. Ang mga palatandaan ng kanilang pagsulong ay higit at higit pang nakikita: sa lakas-loob na nakamtan ng di-mabilang na mga mananampalataya upang ibahagi ang mga kuwento tungkol sa buhay ni Bahá'u'lláh at talakayin ang mga ipinahihiwatig ng Kanyang Rebelasyon at walang-halintulad na Banal na Kasunduan; sa ibinunga nitong lumalaking mga pangkat ng mga kaluluwang naaakit sa Kanyang Kapakanan at tumutulong sa pagtatamo ng Kanyang nakapagbubuklod na larawang-isip; sa kakayahan ng mga Bahá'í at ng kanilang mga kaibigan, sa mismong antas ng masa sa pamayanan, upang ilarawan na matatas na mga salita ang kanilang karanasan sa isang prosesong may kakayahang baguhin ang pagkatao at hubugin ang pamumuhay ng lipunan; sa di-hamak na mas malalaking bilang ng mga taal na taga-bansang iyon na, bilang mga miyembro ng mga institusyong Bahá'í at mga sangay nito, ay pinamamahalaan na ngayon ang mga gawain ng kanilang mga pamayanan; sa maaasahan, bukas-palad at mapagpakasakit na pagbibigay sa Pondo, na lubhang kinakailangan upang matustusan ang pagsulong ng Pananampalataya; sa di pa napapantayang pagyabong ng indibiduwal na pagkukusa at sama-samang pagkilos sa pagtatangkilik sa mga gawaing pantatag ng pamayanan; sa kasiglahan ng napakaraming mga kaluluwang nasa kasagsagan ng pagiging kabataan na naghahatid ng napakatinding lakas sa gawaing ito, lalo na sa pag-aasikaso sa espirituwal na edukasyon ng nakababatang mga salinlahi; sa paghusay ng kaugaliang manalangin ng pamayanan sa pamamagitan ng pagdaraos ng regular na mga pagtiti-pon para sa pagsamba; sa pagtaas ng kakayahan sa lahat ng antas ng pangasiwaang Bahá'í; sa kahandaan ng mga institusyon, mga sangay, at mga indibiduwal na mag-isip sa paraan ng proseso, na basahin ang kanilang mismong mga realidad at suriin ang kanilang mga yaman sa mga lugar kung saan sila ay naninirahan, at gumawa ng mga plano batay doon; sa kinasanayan na ngayong nagtutugunang mga bahagi ng pag-aaral, pagsasangunian, pagkilos, at pagninilay-nilay na siyang luminang ng naikintal nang gawi ng pagkatuto; sa lumalaking pagpapahalaga sa kung ano ba ang kahulugan ng pagbibigay-bisa sa mga Katuruan sa pamamagitan ng pagkilos panlipunan; sa dumaraming mga pagkakataong hinahanap at sinusunggaban upang iharap ang Bahá'í na pananaw sa mga diskursong laganap sa lipunan; sa kamalayan ng pandaigdigang pamayanan na, sa lahat ng mga pagsisikap nito, pina-bibilis nito ang paglitaw ng banal na kabihasan sa pamamagitan ng paghahayag ng kapangyarihang nakapagtatag ng lipunan na likas sa Kapakanan; sa katunayan sa tumataas na kamalayan ng mga kaibigan na ang kanilang mga pagsisikap magkaroon ng panloob

unity, to collaborate with others in the field of service, to help populations take charge of their own spiritual, social, and economic development—and, through all such efforts, to bring about the betterment of the world—express the very purpose of religion itself.

While no single measure can capture the totality of the Bahá'í community's progress, much can be inferred from the number of clusters worldwide where a programme of growth has been established, which, with gratitude for the bounties bestowed by the Abhá Beauty, we confirm has surpassed 5,000. So broad a foundation as this was a prerequisite for taking on the task that now confronts the Bahá'í world—strengthening the process of growth in every cluster where it has begun and extending further an enriching pattern of community life. The sustained effort required will be arduous. But the outcome has the potential to be profoundly significant, even epoch making. Small steps, if they are regular and rapid, add up to a great distance travelled. By concentrating on the advance that must be made in a cluster in an initial period—for instance, in the six cycles occurring before the first of the bicentennial anniversaries—the friends will do much to bring their goal for the full five years within reach. In each cycle are vested fleeting opportunities for a stride forward, precious possibilities that will not return.

In society at large, alas, the symptoms of an ever-deepening malaise of the soul multiply and worsen. How striking that, as the peoples of the world suffer for want of the true remedy and turn fitfully from one false hope to another, you are collectedly refining an instrument that connects hearts with the Word of God eternal. How striking that, amid the cacophony of fixed opinions and opposing interests that grows everywhere more fierce, you are focused on drawing people together to build communities that are havens of unity. Far from disheartening you, let the world's prejudices and hostilities be reminders of how urgently souls all around you need the healing balm that you alone can present to

na pagbabago, na palawakin ang pangkat ng mga nagkakaisa, na makipagtulungan sa mga iba sa larangan ng paglilingkod, na tulungan ang mga populasyon upang tanganan ang sarili nilang espirituwal, panlipunan at pang-ekonomiyang pag-unlad—at, sa pamamagitan ng lahat ng ganitong mga pagsisikap, ay isakatuparan ang pagpapabuti ng daigdig—ay inilalahad ang pinaka layunin ng relihiyon mismo.

4 Samantalang walang iisang hakbang ang makapag-sasaad sa kabuuan ng pagsulong ng pamayanang Bahá'í, malaki ang mahihinuha mula sa bilang ng mga cluster sa buong daigdig kung saan ay naitatag na ang isang programa ng paglaki na, habang nagpapasalamat sa mga biyayang ipinagkaloob ng Kagandahan ng Abhá, ay pinatotohanan naming lumampas na ng 5,000. Ang ganitong malawak na saligan ay kinailangan upang magawang tanggapin ang gawaing hinaharap ngayon ng sandaigdigang Bahá'í—ang pagpapalakas ng proseso ng paglaki sa bawat cluster kung saan ito ay nagsimula na at higit pang pagpapalawak sa nakapag-papayamang paraan ng pamumuhay ng pamayanan. Ang kinakailangang patuloy na pagpupunyagi ay maging mahirap. Subalit ang kalalabasan ay may pagkatakataong maging napakahalaga, maaari pa ngang magtakda ng panahon. Ang maliliit na mga hakbang, kapag regular at mabilis, ay naiipon upang maging malaking distansiya ang malakbay. Sa pagbubuhos ng pansin sa pagsulong na dapat maganap sa isang cluster sa isang panimulang panahon—halimbawa, sa anim na cycle na magaganap bago ang una sa mga dalawang-sentenaryong kaarawan—malaki ang magagawa ng mga kaibigan upang ilapit sa abot-kamay ang kanilang layunin para sa buong limang taon. Sa bawat cycle ay nakapaloob ang naglalahong mga pagkakataon upang sumulong nang malaki, napakahalagang mga posibilidad na hindi na magbabalik.

5 Sa kalahatan ng lipunan, sa kasawiang-palad, ang mga sintomas ng isang patuloy na lumalalang sakit ng kaluluwa ay dumarami at lumulubha. Lubos na nakata-tawag-pansin na habang ang mga tao ng daigdig ay nagdurusa dahil sa kakulangan ng tunay na lunas at balisang bumabaling mula sa isang huwad na pag-asa tungo sa iba pa, buong-payapa ninyong pinipino ang isang instrumentong nag-uugnay ng mga puso sa walang-maliw na Salita ng Diyos. Lubos na nakata-tawag-pansin na, sa kalagitnaan ng samu't-saring ingay ng di-matinag na mga kuro-kuro at magkasalungat ng mga kapakanang tumitindi nang tumitindi sa bawat dako, kayo ay nakatutok sa paglalapit ng mga tao sa isa't-isa upang magtatag ng mga pamayanang kanlungan ng pagkakaisa. Sa halip na magpahina sa inyong mga kalooban, tulutang maging paalala ang mali at walang batayang mga paniniwala at mga pag-aaway ng

them.

This is the last in a series of consecutive Five Year Plans. At its close, a new phase in the evolution of the Divine Plan will open, set to propel the community of Bahá'u'lláh towards the third century of the Bahá'í Era. May the friends of God in every country appreciate the promise of these few years ahead, which will be rigorous preparation for the even mightier tasks yet to come. The present Plan's broad scope enables every individual to support this work, however humble one's share. We ask you, cherished co-workers, adorers of Him Who is the Best-Beloved of the worlds, to spare no effort in applying all you have learned and every God-given ability and skill you possess to advance the Divine Plan into its next essential stage. To your own ardent supplications for heavenly assistance we add ours, offered in the Holy Shrines, on behalf of all who labour for this all-encompassing Cause.

daigdig sa kung gaano kahigpit ang pangangailangan ng lahat ng mga nakapalibot na kaluluwa para sa balsamong nakapagpapagaling na tanging kayo lamang ang makapagbibigay sa kanila.

6 Ito ang huli sa serye ng magkakasunod na Five Year Plan. Sa pagwawakas nito, ang panibagong yugto sa ebolusyon ng Banal na Plano ay magbubukas, na nakatakhang ibunsod ang pamayanan ni Bahá'u'lláh tungo sa pangatlong siglo ng Panahon ng Bahá'í. Hinihiling ang mga kaibigan ng Diyos sa bawat bansa ay mapahalagahan ang pangako nitong iilang taong kasunod, na magiging matinding paghahanda para sa higit pang malalaking gawaing hinaharap. Ang malawak na saklaw ng kasalukuyang Plano ay nagbibigay-daan upang masuportahan ng bawat indibiduwal ang gawaing ito, gaano man kaliit ang kanyang bahagi. Hinihiling namin sa inyo, minamahal na mga kapwamanggagawa, mga sumasamba sa Kanya na Siyang Pinaka-Mamahal ng mga daigdig, na huwag ipagpaliban ang anumang pagsisikap sa paggamit ng lahat ng inyong natutuhan, at ng bawat kaloob ng Diyos na kakayahan at kasanayan na inyong taglay, upang isulong ang Banal na Plano patungo sa kasunod nitong napakahalagang yugto. Sa sarili ninyong maalab na mga pagsamo ng makalangit na tulong ay idinaragdag namin ang amin, na inialay sa mga Banal na Dambana, sa ngalan ng lahat ng nagsusumikap para sa nakasasalaw sa lahat na Kapakanang ito.

The Universal House of Justice